## Panimula

Ang talong (*Solanum melongena L.*) ay isang gulay na itinatanim sa maraming lugar sa Pilipinas. Ito ay pangunahing sangkap ng maraming putahe katulad ng pinakbet, kare-kare, halu-halong ginisang gulay, paksiw na isda at sinigang. Ang talong ay isinasama sa mga "salad" na gulay, "baked vegetable macaroni", at pangkaraniwang ipiniprito, nilalaga at iniihaw.

Ang talong ay nagtataglay ng mga mahahalagang sustansya na kailangan ng ating katawan. Maaari itong itanim sa bakuran o likod-bahay, *semi-commercial* at *commercial scale*.

Sa Nueva Ecija, mayroong 656.15 ektarya ang natataniman ng talong at sa bayan ng San Isidro ay mayroong 25 ektarya.

## Mga Sustansiya ng Talong

| Nutrient | Content |
|---|---|
| Dietary fiber | 10% |
| Vitamin C | 3% |
| Calcium | 1% |
| Iron | 1% |
| Thiamin | 2% |
| Riboflavin | 2% |
| Niacin | 3% |
| Panthotenic acid | 2% |
| Vitamin b6 | 3% |
| Potassium | 5% |
| Phosphorus | 2% |
| Magnesium | 3% |
| Zinc | 1% |
| Copper | 3% |
| Cholesterol | 0% |

*Pinagkunan: www.google.com*

## Mga Rekomendadong Barayti

***Hybrid:***

- Morena F1
- Domino F1
- Jackpot F1
- Banate King F1
- Casino F1

***Open Pollinated-Native:***

- Negros purple
- Dingras long purple
- Pampanga purple
- Dingras multiple purple

## Lupang Pagtatamnan

Katulad ng ibang gulay, ang pahabang talong ay magandang itanim sa buhaghag na lupa (sandy loam) na may sapat na patubig. Maaari din itong itanim sa ibang klase ng lupa katulad ng galas (loam soil) at clay loam.

## Panahon ng Pagtatanim

Ang talong ay maaaring itanim sa buong taon.

Tag-ulan: Hunyo-Nobyembre
Tag-araw: Nobyembre-Mayo

Maaari ding magtanim sa mga di-napapanahong produksyon upang mataas ang presyo.

## Pagpupunla Gamit ang Seedling Tray

1. Gumamit ng plastic tray na may 104 butas o depende sa pangangailangan.
2. Bago magpunla, maghalo ng lupa, organic fertilizer at sinunog na ipa sa ratio na 1:1:1.
3. Ilagay ang pinaghalong lupa o soil medium sa mga butas ng tray. Kailangang puno at siksik ang mga ito.
4. Maglagay ng 3-4 na buto bawat butas.
5. Maglipat ng tumubong buto (*pricking*) makalipas ang 10 araw.
6. Diligin ang mga tray at ilagay sa "nethouse" o *partially shaded* na lugar.

## Dami ng Binhi

Ang magsasaka ay maaaring gumamit ng isang lata (26 g) sa 2000 sq.m. na lupa. Ito ay may bilang na 2,500 seedlings *(25 seedling trays)*.


Ang punla ay maaari ng itanim 20-25 araw pagkapunla.

## Paghahanda ng Lupang Pagtataniman


1. Araruhin ng dalawang beses at suyurin ng dalawang beses.
2. Gumawa ng kama ayon sa tamang pagitan ng bawat tudling.
3. Ilatag ang plastic mulch sa naihandang kama at maglagay ng butas sa tudling. Itanim ang punlang talong sa ginawang butas sa plastic mulch.

## Paraan ng Pagtatanim

- Isahang Tudling (Single Row Method) (2,000m²=10 tudling)




- Dalawahang Tudling (Double Row Method) (2,000m²=10 tudling)




## Pagpapataba

Ang dami at uri ng abono/pataba ay ayon sa resulta ng pagsusuri ng lupa o "soil analysis". Ang sumusunod ay halimbawa ng paglalagay ng pataba.

| Paraan ng Pagpapataba | Panahon ng Pagpapataba | Uri ng Pataba | Dami kada hamalan |
|---|---|---|---|
| Unang pagpapataba | 7 araw pagkatanim | Urea + complete (14-14-14) | 1 kutsarita o 20 gramo |
| Pangalawang pagpapataba | 14 na araw pagkatanim | Urea + complete (14-14-14) | 2 kutsarita o 40 gramo |
| Pangatlong pagpapataba | 28 na araw mula sa pagtatanim | Urea + complete (14-14-14) | 3 kutsarita o 60 gramo |

## Pagpapatubig

Ang pagpapatubig ay sa panahon ng pagtatanim. Depende sa klase ng lupa, magpatubig isang beses kada linggo o dalawang beses sa panahon ng pamumunga.

## Pagsugpo at Pagkontrol ng Sakit at Peste

1. Gumamit ng akma at rekomendadong kemikal sa pagsugpo ng insekto.
2. Inirerekomenda ang sabayang pagtatanim ng ibang halaman.
3. Paggamit at pagpaparami ng mga kaibigang kulisap
4. Kailangan ang madalas na pagbisita sa gulayan upang mabigyan agad ng solusyon ang anumang peste, insekto o sakit ng talong.

## Pag-aani

Ang talong ay maaari ng pag-anihan simula 55 hanggang 65 na araw mula pagkatanim.


**STBF Local Team**
*San Isidro, Nueva Ecija*

Magsasaka Siyentista: Mr. Nestor A. Balajadia
FITS Manager: Ms. Rossana J. Calma
Technical Expert: Dr. Aurea DC. Roxas
Team Leader: Mr. Benito E. Tabios
Focal Persons: Ms. Lolita L. Ponce
Ms. Conchita Magtuto
Ms. Minerva O. Clemente



PRODUCTION TEAM

Writers: Ms. Lolita L. Ponce
Ms. Elfie Charmaine L. Cruz
Technical Expert: Dr. Aurea C. Roxas
Editors: Dr. Pastora S. Coloma
Prof. Nemesio V. Torres
Ms. Janet L. Saturno
Layout Artist: Mr. Ephraine R. Chavez



*Isinaayos at inilimbag ng*
**Regional Applied Communication Office**
Central Luzon Agriculture and Resources
Research and Development Consortium
Tel.: (044) 456-0609

**Extension Office**
Central Luzon State University
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. No.: (044) 456-5203

**Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD)**
Los Baños 4030, Laguna
(049) 536-0014 to 0015, 0017 to 0020




Copyright C 2012 by
Central Luzon Agriculture and Resources
Research and Development Consortium
Central Luzon State University
Science City of Muñoz
3120 Nueva Ecija



Reproduced by
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE



ISSN 1655-2202
CLARRDEC LEAFLET 2012 No. 6

# Makabagong Pamamaraan sa Produksyon ng Talong